REPUBLIKA NG PILIPINAS

LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO

BAYAN NG ROXAS

LORMELYN E. CLAUDIO CESO IV

Regional Executive Director

ATTENTION: The Chief, Legal Division

Petsa: June 20, 2023

MALAYANG SALAYSAY

Ako si JERNY F. GOLEÑA, may asawa, may sapat na gulang at naninirahan sa Sitio Bingig Barangay Cabalwa, Mansalay Oriental Mindoro doon mismo sa lot 774 na kung alin ay pinagtalunang lupa.

Na noong nabubuhay pa ang aming mga magulang ay nagkaroon na nang asawa ang panganay naming kapatid na si Jovany Goleña at siya ay nabigyan ng lupa mula sa Agrarian. Si Jovely Goleña naman ay nagkaroon din ng asawa at nanirahan sa Barangay Don Pedro Mansalay Oriental Mindoro at nagkaroon na din ng lupa maging si Jerly Goleña ay lumipat na din sa kanyang napangasawa sa Barangay Manaul, Mansalay Oriental Mindoro.

Noong ako ay magkaasawa ay nakiusap ang aking ama na huwag na akong umalis sa lupang iyon. Noong lumaki na ang aking mga anak ay kami na ang nagpatuloy sa paglilinang ng lupang lot 774 at ang aking mga kapatid na sina Jovany ,Jovely at Jerly ay may kanya kanya na ding inaasikasong lupa.

Na noong umpisahan kong asikasuhin ang mga dokumento ng lupang ito ay nakiusap ako kay G. Israeli Zamora. Ito ay taong 2016, nakiusap ang asawa ng isa kong pamangkin na si Jerona Natividad na manugang ni Jovany Goleña na makitirik ng Bahay at pumayag naman ako.

Kinausap naman ako ng aking mga anak dahil sila ang nagtanim sa ibang lado ng lupa na tirikan lamang ng bahay ang aming ibigay. Bukod pa doon ay ayaw gumastos ng aking mga kapatid.

Na noong nakapagtayo na si Jerona Natividad ay nakiusap din sina Jovely Goleña, Jerly Goleña at Jovely Goleña na makitirik subalit hindi ako pumayag dahil ang napagkasunduan namin ay pagkatapos na ng dokumento ng lupang ito ay saka pa lamang sila bibigyan ng matitirikan.

Dahil sa lumalala na ang aming problema ay nakiusap ako kay G. Israeli Zamora na ipaliwanag sa kanila kung ano ang tama dahil siya ang kumuha ng mga dokumento ng lupa at siya din lamang ang humarap sa hearing.

Wala kaming naibigay na pera sa kanya( Israeli Zamora) at dahil kaibigan namin siya ay bukas palad siyang tumulong sa amin.

Noong ipaliwanag niya na kung sino ang nakaposisyon, naglilinang at patuloy na nagsasaka ng lupa ay siya ang may karapatan. Bukod pa dito ay sinabi niya na ang lupang publiko ay hindi manahin dahil pinaghihirapan ito sa pinagbibigyan ng pamahalaan ay doon nagalit ang aking mga kapatid.

Nagparevoke na sila ng Special Power of Attorney kay G. Israeli Zamora,samantalang noon pa man bago pa sila pumirma ay naipaliwanag na ito sa kanila.

Ipaliwanag ko naman sa aking mga kapatid na kami na ng aking mga anak ang nagtanim sa lupang iyon. Ang aking mga anak ay apat na lalaki na ang nasa hustong gulang at tatlo ang babae. Sila ang mga naging katuwang ko sa pag aasikaso ng lupa at walang kapatid akong naging kasama.

Naging magulo ang aming mga naging sitwasyon na kung minsan ay pinilit pa ng aking isang kapatid na si Jovely na magtayo ng bahay subalit hindi namin pinayagan. Na ang huli ay pinagbabaril ako sa aking bakuran na naganap noong Hulyo 11, 2022.

Dumadalangin po ako at nakikiusap na maibigay sa akin ang karapatan sa lupang lot 774 dahil ako po ang gumastos para sa papeles, ako din po ang namomosisyon, patuloy na nagsasaka at doon naninirahan.

J. Goleña

JERNY F. GOLEÑA

(nagsasalaysay)

Ph ID No. 23-0018891858-1

**SUBSCRIBED AND SWORN** to before me this JUN 20 2023 at ROXAS ORIENTAL MINDORO Philippines. Affiant who exhibited to me his/her Ph ID No. 23-001889858-1 as competent proof of identity

**Atty. Maria Celina Talens**
Notary Public
Valid until December 31, 2023
Roll of Attorney's No. 81825
MCLE: Admitted to the Bar; 05-24-2022
IBP OR No. 218474; 05-30-2022
PTR No. 3024304; 01-03-2023
Roxas, Oriental Mindoro

**Doc. No.** 177;
**Page No.** 37;
**Book No.** 13;
**Series of** 2023.